93/10.07

# ULÓS

TAON III BILANG 2 MARSO 1975



# ANG TUNAY NA HUKBO NG MASA

NANG ITATAG ANG BAGONG HUKBONG BAYAN noong Marso 29, 1969, mayroom lamang itong ilang ripleng nasgaw mula sa pangkating matong Sumulong-Taruc, at ilang iskuwad-gerilya sa isang lalawigan.

Sa loob ng nakaraang anim na taon, ang Bagong Hukbong Bayan ay yumabong bilang siyang tanging rebolusyonaryong hukbo na hawak ng malawak na masa ng sambayanan laban sa diktadurang EU-Marcos. Mula sa hilaga hanggang sa timog, buong sigasig na kumikilos ang BHB sa mga rehiyon ng Cagayan Valley, Montañosa, Gitnang Luson, Timog Luson, Kanlurang Kabisayaan, Silangang Kabisayaan at sa iba't ibang probinsiya ng Mindanaw.

Sa loob ng nakaraang anim na taon, ipinamalas ng mga kadre ng BHB ang kanilang rebolusyonaryong disiplina, pagpapakasakit, pakikiisa at paglilingkod sa masa at kagitingan sa armadong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Sa mga kandyunang kanilang kinikilusan, unti-unti silang umaani ng tagumpay sa lahat ng larangan: sa pag-oorganisa sa mga mamamayan, sa pagmumulat sa kanila tungkol sa tunay na reporma sa lupa, sa gawaing pangkultura, at sa sandatahang pakikibaka.

Ano ang dahilan ng pagiging wasto, matatag, mayabong at matagumpay ng Bagong Hukbong Bayan? Iisa lamang ang kasagutan dito. Sila ay tinatangkilik at pinagkakatiwalaan ng masa bilang sarili nilang hukbo laban sa pang-aapi ng diktadura. Ang Bagong Hukbong Bayan at ang masa ay iisa.

Sinabi ng isang BHB ilang taon na ang nakararaan: "Ang Hukbo'y galing sa mga mamamayan. Ang Hukbo'y atin, tayo!"

Ang katotohanang ito ang batis na pinagkukunan ng lakas ng Bagong Hukbong Bayan upang ipagwagi, sa pamamagitan ng isang pangmatagalan at pinakamapagpasiyang digmaang bayan, ang adhikain ng mga mamamayan para sa isang malaya at demokratikong Pilipinas. ●

* * * *

(Ang sumusunod ay ilan lamang sa sinipimg mga tala na naglalarawan sa mga gawain at tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan sa loob ng nakaraang isang taon. --Patnugutan)



Quezon:

KAMPO NG PC-CHDF, WINASAK

Isang destakamento ng PC-CHDF na binubuo ng walong "jungle fighter" ng 55th PC Ranger ang matagumpay na sinalakay at winasak ng isang yunit ng Ikatlong Pulang Kompanya ng BHB sa Bo. Manggitahan, Disaag, Quezon noong Nobyembre 17, 1974. Sa naganap na pagsalakay ay nawasak ang kampo ng kaaway; napatay ang opisyal ng destakamento; napasuko ang pitong "jungle fighter" at 18 kasapi ng CHDF; at nasamsam ang walong ripleng M-16, 10 karbin, isang M-79 grenade launcher, isang .45 kalibreng pistola, isang granada, humigit-kumulang sa isang libong bala, ilang kagamitang panradyo at iba pang kagamitang militar.

Sa paggamit ng nakalalamang na puwersa at elemento ng sorpresa, nasalakay ng yunit ng Ikatlong Pulang Kompanya ang kaaway na walang kahanda-handa at sa gayo'y napilitang sumuko nang walang gaanong laban. Ganunman, bago naganap ang maramihang pagsuko, dalawang tauhan ng CHDF ang binaril at pinatay ng opisyal ng destakamento nang ang mga ito'y magbaba ng sandata at magtangkang sumuko.

Matapos samsaman ng armas, ang 25 bihag ay mabait na pinakitunguhan. Ang mga sugatan ay nilapatan ng pang-unang lunas. Pagkaraang mabigyan ng panimulang edukasyong pampulitika, anim na "jungle fighter" ang pinalaya kaagad samantalang ang isa ay kusang sumama sa BHB. Labing-anim na tauhan ng CHDF ang pinalaya rin kaagad matapos ang panimulang edukasyong pampulitika, maliban sa dalawang nagpasiyang sumama na sa BHB. Ang mabait na pakikitungo sa mga bihag at ang kusang pagsama ng ilan sa hukbong bayan ay kapuri-puring bunga ng mahigpit na pagsunod ng mga Pulang mandirigma sa patakarang paglansag sa hanay ng kaaway.

--Ang Bayan, Pebrero 27, 1975



Quezon:
## 274 KAWAL NG AFP, NAPATAY

Ang Ikatlong Pulang Kompanya ng Bagong Hukbong Bayan sa Cagayan Valley ay naglulunsad ng maningning na rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka sa subprobinsiyang Aurora ng Quezon.

Sa loob ng tatlo at kalahating buwan, mula sa huling linggo ng Mayo hanggang sa unang Linggo ng Setyembre ng taong 1974, ang Ikatlong Pulang Kompanya ay nakalipol ng hindi kukulangin sa 274 na tropang kaaway. Kabilang na rito ang 152 kumpirmadong patay, at nakasamsam ang nabanggit na yunit mula sa mga nalagas na kaaway ng malaki-laking bilang ng iba't ibang uri ng armas na may sapat na bala.

Nakapuksa rin ang yunit na ito ng 24 na tiranong lokal at espiya ng kaaway; nakapagpabagsak ng isang helikopter at isang eroplanong pangmanman ng kaaway; nakawasak ng dalawang dyip at limang trak na tipong six-by-six na may lulang mga tropang kaaway; at parsiyal na nakapinsala ng isa pang helikopter at isang sabrejet.

Bunga ng mga tagumpay na ito, ang Ikatlong Pulang Kompanya ay isa na ngayong malaking kompanya. Noong una'y nasasandatahan lamang ito ng mga de-sabog at riplong Springfield. Ngayon, ang kompanya ay may mga riplong Garand, BAR, M-16, M-14 at M-79.

Ang Bayan, Nobyembre 15, 1974

Samar:

## 9 KASAPI NG TASK FORCE BULIG, PINATAY SA ILOG

Siyam na pasistang tropa ang napatay at isa pa ang malubhang nasugatan nang ambusin ng 13 kasapi ng isang sandatahang yunit pampropaganda ng BHB ang isang 11-kataong iskuwad ng Task Force Bulig sa Nabotasan, Calbiga, Samar noong Mayo 20, 1974. Nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng anim na ripleng M-16, tatlong karbing semi-automatic, dalawang kalibre .38 paltik, 510 balang pang-M-16, 150 balang pangkarbin at iba pang kagamitang pangmilitar. Matagumpay na naisagawa ang ambus sa mahigpit na pakikipagtulungan ng malaking bilang ng mga lokal na gerilya at kasapi ng milisya na ang karamiha'y nasasandatahan ng mga armas na gawa nila mismo.

Sistematikong pagpaplano, detalyadong paghahanda at mabisang koordinasyon ang naging susi sa matagumpay na operasyon. Ang lugar na pinili ng mga Pulang mandirigma sa paggsasagawa ng ambus ay isang mababaw na ilog na naghuhugpong sa dalawang baryo. Ang ilog na ito ay karaniwang gamiting ruta ng mga mersenaryong tropa.

Ang Bayan
Setyembre 15, 1974



Isabela:

## 65 KAWAL NG AFP, PINATAY

Bunga ng matagumpay na kilusang pagwawasto, nakapatay ang Bagong Hukbong Bayan ng mahigit sa 65 sundalong gobyerno at nakasugat ng 35 iba pa sa magkakahiwalay na labanan sa Isabela noong unang hati ng 1974.

Bukod dito, nakasamsam ang mga Pulang gerilya ng sari-saring armas at bala. Nakawasak din sila ng dalawang sasakyang militar.

Sa mga labanang naganap sa Jones, San Guillermo, Echague, San Mariano, Tumauini at iba pang pook sa Isabela, ipinamalas ng BHB ang kanilang paghusay at pag-unlad sa pakikidigmang gerilya.

--<u>Lagablab</u>, 1974



Albay:

## MGA IMPORMER, PINATAY

Sa tulong ng masang magsasaka, tatlong "Special Police Informer" ang inambus at pinarusahan ng BHB sa sityo Pinaric, Maonon, Ligao, Albay. Ang napatay ay sina Demetrio Necirio, Pedro Balderama at Juanito Cogasa--kilalang magnanakaw ng kalabaw, manggagahasa at bugaw--at malubhang nasugatan si Teopisto Amancio, isang takas na kriminal mula sa Cebu.

Sa kabilang dako, pinarusahan ng isang lokal na yunit ng BHB si Anacleto Espejo, isang gurong impormer at manggagahasa, sa baryo Sibayo, Donsol, Sorsogon.

Ginahasa ni Espejo ang sarili niyang pamangkin at isa siyang aktibong impormer doon na nakabiktima na ng ilang inosenteng katao bago siya napatay.

Nang araw ring iyon, Nobyembre 24, pinatay ng isang yunit ng BHB sa baryo Malapoc, Donsol, Sorsogon, ang abusadong kapitan del baryo--si Felix Gomez, isang impormer na nandarahas sa mga tagabaryo.

Noong Disyembre 25, pinagbayad din ng BHB ang dalawa pang impormer sa mga krimeng ginawa ng mga ito sa baryo Pio Duran, Albay.

<u>Liberation</u>, Pebrero 15, 1975



Bataan:

TATLONG OPISYAL NG US NAVY, NAPATAY SA AMBUS

Tatlong opisyal ng US Navy ang inambus at napatay ng isang iskuwad ng Bagong Hukbong Bayan noong Abril 13, 1974.

Ang mga opisyal ay sina Kap. Thomas Mitchell, komander ng 30th Naval Construction Regiment sa Guam, Kom. Leland Dobler, komander ng Naval Construction Battalion 133 sa Kampo Sheilds, Futema, Okinawa, at Ten. Charles Jeffries II, tagapamahala ng Mobile Construction Battalion 133 sa Subic.

Naganap ang ambus habang sinusubaybayan ng mga opisyal ang proyektong lansangan sa may paanan ng kabundukang nakapaligid sa Subic Naval Base, pinakamalaking baseng pandagat ng US sa Timog-Silangang Asya. Ang proyekto ay kaugnay sa pagpapalawak sa base.

Taliba ng Bayan, Hunyo 15, 1974

Kuta Bonifacio:
[illegible],
[illegible]

Isang BHB at isang paring progresibo ang nagkahiwalay na nakatakas sa Kuta Bonifacio, ang pinakamahigpit na ginuguwardiyahang bilangguan.

Ang nakatakas na BHB ay si Jorge Cabardo, kilalang komander ayon sa militar. Si Cabardo ay nakatakas noong Hunyo 11, at kasama na ngayon sa kilusang lihim. Ikatlong pagtakas na niya ito. Ang dalawa pa ay sa kampo ng PC sa Cebu.

Taliba ng Bayan, Hulyo 1, 1974

"Lahat ng mga bilanggong pulitikal ay may katungkulang tumakas sa kamay ng mga kaaway upang muling sumama sa rebolusyonaryong puwersa sa kanayunan."

Mula sa Pahayag ng anim na bilanggong pulitikal na nakatakas mula sa Ipil Rehabilitation Center sa Fort Bonifacio noong Nobyembre 1, 1974



[illegible], KRB AT REBOLUSYONARYONG REPORMA SA LUPA

"Bilang panimulang hakbang, tinutulungan ng BHB ang mga magsasaka na magtayo ng mga gobyernong lokal sa baryo, ang tinatawag na Komiteng Rebolusyonaryo ng Baryo (KRB). Pangunahing tungkulin ng mga ito ang mamahala sa paglutas sa mga suliranin ng taumbayan at sa paghahanda sa kanila para sa armadong pakikibaka.

Dito sa Gitnang Luson, binibigyang diin namin ngayon ang pagbubuo ng mga pangmasang organisasyon tungo sa pagbubuo ng KRB, bagamat sa ibang pagkakataon, nag-oorganisa kami ng mga Komiteng Pang-organisa ng Baryo (KPB, panimulang ubod ng KRB).

xxxxx

"Sa mga asyendang palayan, minimum na layunin nito ang pagbawas ng upa sa lupa at ang pag-alis sa usura. Ang maksimum ay ang pagkumpiska sa lupain ng malulupit na asendero at ang libreng pamamahagi ng mga lupaing ito sa mga magsasakang walang lupa.

"Sa mga asyendang tubuhan, sinisikap naming maorganisa ang mga manggagawa sa tubuhan ng Pampanga, para epektibo nilang maipaglaban ang karagdagan sa kanilang sahod....

Panayam sa isang kadre ng BHB
Taliba ng Bayan Mayo 15, 1974



"Diklap ng Pagbabangon":
REBOLUSYONARYONG KULTURA
SA KANAYUNAN

"Noong Setyembre 14, isang pagtatanghal ang idinaos sa baryo X. Sa lilim ng mga punong niyog sa tapat ng bahay ng isang masang magsasaka, mahigit na 50 matatanda at kabataan, babae at lalaki, ang nagtipon-tipon upang sumaksi sa gaganaping pagtatanghal. Bago ito sinimulan ay umawit muna ang lahat ng "Internasyonal", ang pandaigdigang awit ng manggagawa. Nagkaroon ng mga talumpati hinggil sa kahalagahan ng pagtitipong iyon, hinggil sa tumitinding krisis pangkabuhayan at pampulitika, at hinggil sa pangangailangan ng paglaban at pagpapakasakit upang makamit ang tagumpay. Umawit ang mga mandirigma at kadre ng mga rebolusyonaryong awitin. Tumula at nagtanghal ng mga rebolusyonaryong dula ang mga kasama.

"Ang huling bilang sa pagtatanghal ay ang dula--"Diklap ng Pagbabangon". Ito ang pinakamagandang bilang.

"Pagkatapos ng pagtatanghal ay pinulong ng mga kadre ang masa. Isang napakahalagang bagay ang kinalabasan ng pagpupulong na iyon--ang hinggil sa pagkilos ng masang magsasaka upang ipaglaban na taasan ang presyo ng tablon.

xxxxx

"Ang mga rebolusyonaryong pagtatanghal, pulong pangmasa, welga at iba pang aksiyong pangmasa ay umaani ngayon ng maraming tagumpay sa kanayunan sa kabila ng marahas na panunupil ng diktadurang EU-Marcos.

"Dito sa kanayunan tayo makapagtatayo ng mga moog ng rebolusyon--maunlad sa pulitika, militar, kabuhayan at kultura."

--Mula sa Liham ni Kas. Pablo

Kalatas Komiks-Magasin
Setyembre-Oktubre, 1974



# GERILYERO

Kaybagal ng mga pangyayari
Minsa'y kaybilis
Sa loob ng isang taon
Naisaayos mo ang isang yunit pampropaganda
Nadakip ka ng mga kaaway
Nabimbin ng ilang buwan
At nang makaigpas
Kaagad kang nagtungo
Sa sonang panggerilya

Kayningning ng tala ng rebolusyon
Sa iyong katauhan

Sa makupad kumilos
"Nagmamadali ang panahon" ang wika mo
Sa madaling panghinaan ng loob
"Simulan ang unang hakbang"
Sa nalulunod sa sarili
"Umahon na't lumubog sa masa"
Sa nag-uurung-sulong sa landas na tatahakin
"Ipukol ang paningin
Sa abot-tanaw mo
Hanggang doon sa kabilang ibayo
Kaylinaw ng landas na ating malilikha
Halika"

Ilang araw, ilang gabi
Ang nagdilim sa sigabo ng talakayan
Ang di nakahinga sa usok ng sigarilyo't
Pagkawasak ng maraming maliliit na daigdig
Ilang araw, ilang gabi
Ang kaytatag na naghintay
Upang ang bawat salita'y maging talang
Sumisinag sa bawat sulok ng isang silid
Ilang araw, ilang gabi
Ang sa wakas ay nagsabog ng liwanag
Upang sa malawak na daigdig
Ay malantad ang landas
Na dapat nang hawanin
Ilang araw, ilang gabi
Bago mabuo ang isang hakbang

"Mula sa isang hakbang
Tayo ay kikilos tungo sa kasaysayan!"

Kaisa ka na ng masa ngayon
Sa kanayunan
Isang gerilyero
Kaniig mo ngayo'y manggagawa't magsasaka
Sa mga pilapil at gubat ng pag-aalsa
"Lutasin mo ang iyong suliranin
At tanggapin ang bagong tungkulin
Halika"

Naroon sa mga liblib na pook
Ang diklap ng pagbabangon
Sa masukal na landas
Ang landas ng paglaya
Sa bisig ng masa
Ang bigwas ng tagumpay!

"Halika
Dito sa kasaysayan
Dito sa kasaysayan
Tayo magkita"

Kayningning ng tala ng rebolusyon
Sa iyong katauhan!

--Luzviminda

# ANG MAGING ISDA SA KARAGATAN NG MASA

"MAHIRAP ANG BUHAY DITO. SUBALIT SI-no pa ba ang naghahangad ng masasarap na pagkain sa harap ng pagdaralita ng masa? Naririto na ang maralitang magsasaka na siyang pangunahin nating pinagkakatiwalaan. Mahihindik ka sa kanilang kahirapan. Nakatira sila sa maliliit na dampa sa gitna ng kaingin sa bundok. Ang kalimitang kinakain nila ay kamote at saging. Sa gubat ay nanghuhuli sila ng baboy-damo at labuyo. Nangingisda rin sila paminsan-minsan. Gula-gulanit ang kanilang damit. Nagpapaupa rin sila sa mga may niyugan sa dakong ibaba ng bundok. Sila'y hindi pala-imit -- mahiyain, parang ikinahihiya ang kanilang paghihirap.

"Subalit marami na ang nagigising natin sa kanilang panig. Nagiging pinuno na rin sila ng binhing-pamahalaan na pinagpupunyagiang itayo natin sa bundok. Hinahawakan na rin nila ang karapatang pangasiwaan ang pang-araw-araw nilang kabuhayan. Ibig sabihi'y nagiging pulitikal ang relasyon nila sa isa't isa. Ito ang bunga ng walang-pagod nating pagmumulat at paggabay sa kanila.

"Nakatitiyak tayo na maitatayo natin dito ang isang armadong nagsasariling rehimen ng proletaryado sa kanayunan.

"Ngayo'y nagiging mas malinaw sa akin kung ano ang ibig sabihin ng pagiging isda sa malawak na karagatan ng masa.

"Tiyak ang ating tagumpay!"

* * *

Mula sa Liham ng Isang Kasamang Ngayo'y Nasa Kanayunan Na